# DOH Health Advisory

# EBOLA VIRUS DISEASE (EVD)

*Ano ang Ebola?*

*Isang nakakahawang sakit ng tao at hayop tulad ng unggoy, gorilya at chimpanzee sanhi ng Ebola virus na maaaring magdulot ng kamatayan*

## PAANO ITO NAKUKUHA?

Kapag nahawakan ang mga sumusunod:

- Dugo at iba pang likido mula sa katawan ng apektadong hayop
- Mga likidong galing sa katawan at dumi ng tao
- Mga kontaminadong gamit ng pasyenteng apektado ng Ebola tulad ng karayom, sapin ng kama at kumot
- Katawan ng namatay na tao dahil sa sakit na ito

## INCUBATION PERIOD

- 2-21 araw.

## ANU-ANO ANG MGA SINTOMAS NG EBOLA?

- Lagnat, sakit ng ulo, labis na panghihina, masakit na kalamnan, kasu-kasuan at lalamunan
- Kasunod ay pagsusuka, pagtatae, pagsakit ng tyan, pantal sa katawan, pagkasira ng bato at atay
- Pagdurugo sa labas at loob ng katawan sa ilang mga kaso
- Mapupulang mata, pagsinok, at paglabas ng dugo sa ilang parte ng katawan tulad ng ilong, bibig, mata, tainga at iba pa

## PAANO ITO GINAGAMOT?

- Wala pang gamot o bakuna laban sa Ebola
- Ang mga taong hinihinalang apektado nito ay kailangang dalhin agad sa ospital upang mabigyan ng karampatang lunas
- Ang mga malulubhang kaso naman ay nangangailangan ng masidhing pagbabantay sa ospital at ginagamot ayon sa nakikitang karamdaman. Kailangang ihiwalay sila sa karamihan upang maiwasang makahawa pa ng iba

## SINO-SINO ANG MAAARING HIGIT NA MAAPEKTUHAN NITO?

- Health workers
- Laboratory workers

## PAANO ITO MAIIWASAN?

- Iwasang lumapit sa mga tao at hayop na may sakit tulad ng paniki, unggoy
- Iwasan din ang pagkain ng hilaw na karne ng mga hayop na nabanggit
- Gumamit ng proteksyon tulad ng gloves, masks sa pag-aalaga sa bahay ng taong may sakit
- Ugaliin ang tamang paghuhugas ng kamay pagkatapos dumalaw sa pasyente sa ospital at pag-aalaga sa may sakit sa bahay

## ANO ANG GINAGAWA NG DOH PARA MAIWASAN ANG EBOLA?

- **Mahigpit na pagbabantay sa mga pasaherong dumating sa paliparan at mga daungan ng barko**
- **Pagsiguro na lahat ng pasahero mula sa ibang bansa ay magbibigay ng health information checklist**
- **Kahandaan ng mga ospital sa pangangalaga sa pasyente sakaling magkaroon ng kaso**
- **Matibay na pakikipag-ugnayan sa ibang sangay ng pamahalaan para maiwasan ang Ebola**
- **Malawakang pagpapalaganap ng tamang impormasyon upang maiwasan ang sakit na ito**
- **Pagsasanay sa mga healthworkers kung paano pangalagaan ang pasyente at kanilang sarili laban sa sakit na ito**

Photo grabbed from the internet

